



Message from NSW State Emergency Operations Controller

Mensahe mula sa Emergency Operations Controller ng Estado ng NSW

Novel Corona Virus (COVID-19)

Sa lahat ng aming mga komunidad at pamilya

Ang Ministro para sa Kalusugan ng NSW na si Brad Hazzard MP ay nagpalabas ng *Kautusan sa Pampublikong Kalusugan 2020 (COVID-19 Kwarantina)* sa ilalim ng seksiyon 7 ng *Batas sa Pampublikong Kalusugan 2010* ng NSW.

Ang Kautusan na dapat sundin, ay nag-uutos na ang isang tao na dumating sa NSW na nanggaling sa ibang bansa bago dumating, ay kailangang ihiwalay ang kaniyang sarili sa loob ng 14 na araw. Tinatawag namin ito na panahon ng kuwarentena.

Ang NSW ay sumusuporta sa Pamahalaang Commonwealth sa pagpapatupad ng mga panukala upang mapigilan ang pagkalat ng virus sa Australya. Ang Virus na ito ay tinatawag na **COVID-19**. Ito ay tinatawag din na **Novel Corona Virus**. Ang virus ay kumalat na ngayon sa iba't ibang bansa kung kaya't itinuturing na Pandemiya.

Ipinag-uutos ng Pamahalaang Commonwealth at Estadong ito sa lahat ng mga papasok (entrants) sa NSW na ihiwalay ang kanilang sarili, kabilang ang papauwing mga naglakbay, internasyonal na mga bisita at ang mga nahawahan ng COVID-19 virus, pati na rin ang 'malapit na kontak' ng mga may kaso ng COVID-19.

Sa ilalim ng *Batas sa Pampublikong Kalusugan 2010* ang Kapulisan ng NSW ay may kapangyarihang ipatupad ang inisyatibang ito na pampublikong kalusugan.

Ano ang kailangan mong Malaman:

- Isang paglabag ang mabigong sumunod ng isang tao sa Kautusan ng Ministro ng Kalusugan na *Kautusan sa Pampublikong Kalusugan 2020 (COVID-19 Kwarantina)* (\$11,000 at/o 6 na buwang pagkabilanggo). Ang Kapulisan ng NSW ay patuloy na makikipagtulungan sa NSW Health at iba pang mga ahensiya ng estado at Commonwealth upang bawasan ang mga panganib sa kalusugan para sa mas malawak na komunidad.
- Ang paghihiwalay ng sarili ay napakahalaga sa pagpapabagal ng pagkalat ng COVID-19. Ito ay isang mabisang paraan para protektahan ang iyong pamilya, mga kaibigan at iba pang mga tao sa komunidad.
- Ang paghihiwalay ng sarili kasama ang mga hakbang sa mabuting kalinisan (tulad ng regular na paghugas ng mga kamay at pag-ubo sa iyong braso) ay magpapabagal sa pagkalat ng virus na sobrang nakakahawa.
- Ang paghihiwalay ng sarili at mabuting kalinisan ay magpoprotekta sa pinakamadaling mahawahang mga miyembro ng komunidad na nanganganib na magkasakit nang malubha at magkaroon ng seryosong kalagayan na maaaring humantong sa kamatayan. Ang paghihiwalay ng sarili ay nagbabawas din sa epekto ng pandemiya sa mahahalagang mga serbisyong pangkalusugan na nagliligtas ng buhay.

Ang kailangan mong gawin:

- Habang inihiwalay ang sarili, dapat mong imonitor ang iyong sarili kung may mga sintomas ka ng COVID-19. Kung mayroong mga sintomas, ireport ang mga ito sa HEALTHDIRECT sa 1800 022 222. Kung ito ay isang emerhensiya, tumawag ng Ambulansya at sabihin sa kanila na inihiwalay mo ang iyong sarili sa bahay.
- Huwag lumabas ng bahay sa loob ng 14-araw sa panahon ng kuwarentena maliban kung magpapagamot o kukuha ng suplay ng gamot o dahil sa isang emerhensiya. Nangangahulugan ito na hindi ka dapat kumain sa labas o mag-shopping; hindi ka dapat pumasok sa trabaho; hindi ka dapat pumasok sa paaralan/child-care/pamantasan; hindi ka dapat pumunta sa gym o sa mga pampublikong lugar. Maaari kang pumunta sa iyong balkonahe o sa iyong hardin.
- Kung may kasama kang iba sa iyong tahanan, hangga't maaari, ikaw ay dapat:
 - Ihiwalay ang iyong sarili mula sa mga kasama sa bahay at gumamit ng hiwalay na banyo kung mayroon
 - Magsuot ng surgical mask kapag nasa iisang kuwarto kasama ng iba
 - Iwasan ang mga lugar na matao (shared areas) at magsuot ng surgical mask kung dadaan sa mga lugar na ito.
 - Hindi dapat kasama ang isang matanda sa iisang kuwarto o mga taong may karamdaman
 - Habang ikaw ay naghiwalay ng sarili, siguraduhin na hindi ka tatanggap ng bisita kung hindi kailangan.

Ang pananatili sa bahay ay nangangahulugang:

- HINDI ka pupunta sa mga pampublikong lugar tulad ng mga shopping centre, trabaho, paaralan, childcare o pamantasan
- Hihiling sa ibang tao na kumuha ng pagkain at iba pang mga pangangailangan para sa iyo at iwanan ang mga ito sa iyong pintuan sa harapan
- HINDI ka magpapapasok ng mga bisita — tanging ang mga tao lamang na karaniwang nakatira sa iyong tahanan ang dapat nasa iyong tahanan.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng pagkain at mahahalagang suplay, tumawag sa National Coronavirus Health Line sa 1800 020 080 para maisangguni ka sa pinakaangkop na serbisyo.

Salamat sa iyong suporta at kooperasyon sa komunidad. Hindi namin naranasan ang antas na ito ng impeksyon noong mga nakaraang panahon at ang pagtutulongan upang mabawasan ang pagkalat ng virus na ito ay napakahalaga.

Ang karagdagang patnubay na may kaugnayan sa paghihiwalay ng sarili ay makukuha sa <https://www.health.nsw.gov.au/Infectious/diseases/Documents/covid-19-self-isolation-guidelines.pdf>



State Emergency Operations Controller
NSW Police Force Deputy Commissioner Gary Worboys APM
18 March 2020

SEOCN - Crimestoppers Letter to Household - Novel CoronaVirus (2019-nCoV) - 18 March 2020

Unclassified